**Pamagat**: Ang mga Nananaginip ng Masama (Filthy Dreamers)

**Bible Text**: Jude 8-9 "Likewise also these filthy dreamers defile the flesh, despise dominion, and speak evil of dignities. (v.9) Yet Michael the archangel, when contending with the devil he disputed about the body of Moses, durst not bring against him a railing accusation, but said, The Lord rebuke thee."

*Pagsasalin*: Gayundin itong mga nananaginip ng masama na dinudungisan ang kanilang laman, hinahamak ang mga namumuno, at nilalait nila ang mga marangal.

**Panimula**:

1. Kailangan ingatan natin ang fellowship ng church natin sa mga tinatawag ni Jude na "ungodly men" – sila yun mga "nagsipasok ng lihim" (v.4).
2. Dinagdagan ni Jude ang kanilang larawan bilang "filthy dreamers" (mga nananaginip ng masama). Ang kasalanan ay karumihan. Ang baho ng kasalanan ay maamoy ng iba, ngunit maaring hindi napapansin ng dreamer/nananaginip. Ganito ang mga hindi maka-Dios.
3. Tatlo ang mga verbs/action words na nagbibigay larawan sa mga kilos at gawa ng mga ito:
   a. Nangdudungis; b. Humahamak; c. Nanlalait o Naninirang-puri.

## I. Dinudungisan ang Kanilang Laman

A. Ang laman ay upuan o puso ng nakakainis na pangyayari ng iba't-ibang mga kasuklamsuklam na karumihan o kasalanan.

B. Bagamat ang kasalanan ay nagagawa sa katawan ng tao, ang epekto dito ay ang kaluluwa at espiritu ng tao.

C. 1 Peter 2:11 - Mga minamahal, ipinapakiusap ko sa inyo bilang mga dayuhan at ipinatapon, na kayo'y umiwas sa mga pagnanasa ng laman na nakikipaglaban sa kaluluwa.

D. 2 Cor. 7:1 - Mga minamahal, yamang taglay natin ang mga pangakong ito, linisin natin ang ating mga sarili mula sa bawat karumihan ng laman at espiritu, na ginagawang sakdal ang kabanalan sa pagkatakot sa Diyos.

## II. Hinahamak ang mga Namumuno

A. Hindi alam ng mga hindi-makadios na ang pamahalaan o yun mga namumuno ay kinasihan o itinalaga ng Dios. Romans 13:1.

B. Titus 3:2 - huwag magsalita ng masama tungkol sa kanino man, huwag makipag-away, maging maamo, at magpakita ng hinahon sa lahat ng mga tao.

C. Kung ang tao ay walang respeto sa kanilang mga may awtoridad, ano ang ugali nila sa awtoridad ng Salita ng Dios? (Ano ang mga awtoridad sa buhay ng tao?)

## III. Nilalait Nila ang mga Marangal

A. Ang mga Christiano/Baptist ay maraming mga manlalait. Sanay na po tayo sa ganitong ugali.

B. Jn. 15:18 – f the world hate you, ye know that it hated me before it hated you. (1 Jn. 3:13)

C. Wala naman masama sa turo o ugali ng mga Christiano, pero ganun paman tayo ay rejected ng mudong ito. Tayo ay "spoken against" – nagsasalita ng laban; o minamasama.

D. Sa v.10 – ay kanilang paglalait at dulot ng kamangmangan. - Pero ang mga taong ito'y nanlalait sa mga bagay na hindi nila naiintindihan. Tulad ng mga hayop na hindi iniisip ang kanilang ginagawa, wala silang ibang sinusunod kundi ang likas na damdamin nila na siyang nagdadala sa kanila sa kapahamakan.

E. Binigyan tayo ng example sa gawa ni Archangel Michael (v.9) – hindi siya umakusa ng may paglalait. Hindi kailangan ng katotohanan ang paglalait.

**Katapusan**:

1. Ang buhay Christiano ay puno ng pagsubok at paghihirap para sa Pananampalataya.
2. Ang labanan ay palaging patungkol sa pananampalataya.